| Aralin 8 | الدرس الثامن |
| --- | --- |

# Mga Kundisyon ng *Lá Iláha Illalláh* (patuloy)

## 6. Ang Kawagasan

Ito ay ang pagdadalisay ng tao sa kanyang gawa o kilos, sa pamamagitan ng matuwid na hangarin, mula sa lahat ng mga bahid ng Shirk. Iyon ay nangangahulugang mamumutawi sa kanya ang lahat ng mga salita at mga gawa upang wagas na iukol kay Allah. Hahangaring makamit ang pagkalugod Niya, nang walang bahid ng pagpapakitang-tao, o ng hangaring mapuri ng tao o, ng layuning magtamo ng kapakinabangan, o ng pansariling hangarin, o ng pagnanasang hayag o lihim, o ng udyok ng pagkilos dala ng pag-big sa isang tao o pananaw sa buhay o prinsipyo o partidong sinusunod nang walang pagsasaalang-alang sa patnubay buhat kay Allah. Manapa'y kailangang siya, sa kanyang gawain, ay naghahangad na makamit ang ikalulugod ni Allah at ang kaligtasan sa Kabilang-buhay. Hindi ibaling ang puso sa kahit sinumang nilikha dahil sa pagnanais na magkamit mula rito ng gantimpala o pagpapasalamat. Nagsabi si Allah (39:3): **"Tunay ngang ukol kay Allah ang wagas na pagsamba...."** at sinabi pa Niya (98:5): **"At walang iniutos sa kanila kundi sambahin nila si Allah, habang wagas na inuukol sa Kanya ang pagsamba..."** Nasasaad naman sa Sahíh al-Bukhárí at Sahíh Muslim, sa Hadíth na isinalaysay ni 'Utbán, na ang sabi ng Sugo (SAS): ***"At tunay na si Allah ay nagkait nga sa Impiyerno ng sinumang nagpahayag ng*** **Lá Iláha Illalláh*****, na naghahangad sa pamamagitan niyon ng ikinalulugod ni Allah."***

## 7. Ang Pag-ibig

Ang tinutukoy rito ay ang pag-ibig sa dakilang Pahayag na ito, at sa ipinahihiwatig nito at sa hinihiling nito. Samakatuwid, iibigin si Allah at ang Kanyang Sugo (SAS), pangingibabawin ang pag-ibig sa Kanilang dalawa higit sa lahat ng pag-ibig, at gagampanan ang mga kundisyong hinihingi ng pag-ibig na ito at ang mga hinihiling na gagawin para rito. Iibigin si Allah nang may kalakip na pagpipitagan, pagdakila, takot, at pag-asa. Iibigin ang iniibig ni Allah na mga pook gaya ng Makkah, Madínah, at mga masjid—sa kabuuan; mga panahon na gaya ng buwan ng Ramadán, unang sampung araw sa buwan ng Dhulhijjah at iba pa; mga persona na gaya ng mga propeta, mga sugo, mga anghel, mga matapat na tao, mga Shahíd (taong namatay na nakikipaglaban alang-alang sa Islam.), at mga matuwid na tao; mga gawaing panrelihiyon na gaya ng pagsasagawa saláh, pagbibigay ng zakáh, pag-aayuno, at pagsasagawa ng hajj; mga salita na gaya ng pagbigkas ng *dhikr*[1] at pagbabasa ng Qur'án.

Kabilang din sa pag-ibig na ibigin ang mga iniibig ni Allah nang higit kaysa sa mga iniibig ng sarili, mga pinakaaasam-asam nito at mga minimithi nito. Bahagi rin ng pag-ibig kay Allah na kasuklaman ang kinasusuklaman Niya: kasusuklaman ang mga walang pananampalataya, ang kawalang-pananampalataya, ang kasuwailan, at ang pagsuway. Nagsabi si Allah (5:54): **"O mga sumampalataya, ang sinumang tatalikod sa inyo sa kanyang relihiyon, magdadala si Allah ng mga taong Kanyang iibigin sila at kanilang iibigin Siya, na mga mapagpakumbaba sa mga Mananampalataya, mga mabagsik sa mga Tumatangging sumampalataya. Makikibaka sila sa landas ni Allah at hindi sila mangangamba sa paninisi ng naninisi. ..."**

---

[1] Ang literal na kahulugan nito ay pagbangit o pag-alaala. Ito ay maikling pananalita sa wikang Arabe, na itinuro ni Propeta Muhammad (SAS), na binabanggit bilang panalangin o pag-aalaala o pagluluwalhati kay Allah.